

1

“O, hotcake, Anak.” Tinig iyon ng ina ni Autumn Delgado na umuntag sa malalim niyang pagbubulay-bulay.

Matagal-tagal din siyang nakatunganga sa harap ng computer na hanggang ngayon ay blangko pa rin. That could only mean one thing: writer’s block.

Napaungol siya sa realisasyong iyon.

“May problema ba, Anak?” nag-aalalang tanong ng ina. Tiyak na kumatok ito bago pumasok, hindi niya lang narinig dahil ang kanyang buong konsentrasyon ay nasa pag-iisip ng bagong istoryang isusulat.

Bumuntong-hininga siya. “Wala akong maisip na maisulat, Ma. I’m having a hard time finding an idea and inspiration for a new article.” Isa siya sa mga staff writers ng isang women’s magazine at mayroon siyang monthly column na tumatalakay sa kahit anong bagay na may kinalaman sa pag-ibig.

Hinagod ng ina ang kanyang buhok. “Huwag kang ma-frustrate, Anak. Darating din ang inspirasyon mo. Masyado mo lang pine-pressure ang isip mo kaya hindi ka makapag-isip nang maayos at makapagpiga

ng creative juices. Ikaw pa, isa kang mahusay na manunulat.”

Gumaan ang pakiramdam niya sa encouragement mula sa ina. Noon pa man ay number one fan niya na ito. Ito ang kanyang tagabigay ng moral support lalo sa mga panahong nalulungkot siya. Napangiti siya sa isiping iyon.

“Heto, o. Dinalhan kita ng hotcake. Bagong luto ’yan. Kainin mo na bago pa lumamig.”

“Thanks, Ma. You’re really the best!”

Masuyo siyang nginitian nito. “Inakyat ko na dito. Baka makalimutan mo na naman ang oras at malipasan ka ng gutom.”

“Kayo po, Ma, kumain na po kayo?”

“Bago ako umakyat dito ay sumubo na ako,” tugon nito na tumayo at nagsimulang ayusin ang mga gamit niya. Hindi siya burara, pero minsan ay nakakalimutan niyang i-organize ang mga aklat at gamit niya.

Lovingly, pinagmasdan niya ang ina sa ginagawa habang patuloy sa pagkain. Despite her age, maganda pa rin ang ina. No wonder nabighani nito ang ama. Noong nabubuhay pa ang huli ay nagtatrabaho ito

sa isang kilalang bangko, habang ang ina ay guro sa isang pang-elementaryang paaralan. Noon ito nagkakilala at magkahulugan ng loob.

Quince años pa lamang siya nang mamatay ang ama dahil sa isang vehicular accident. Gayunpaman, maayos siyang naitaguyod ng ina. Napagtapos siya nito ng pag-aaral sa kursong Journalism. Kaya ganoon na lang ang bilib niya sa ina, at ang pagmamahal dito ay labis-labis.

“Pagkatapos mo diyan ay magbihis ka na, Anak.”

“Bakit po, Ma?” Nagtatakang tiningala niya ito.

“Hindi ba’t may plano kayong manood ng play ngayon ni Miguel? Mag-a-alas cuatro na ng hapon, Autumn. Ang sabi mo’y alas cuatro y media ang usapan ninyo. Baka gahulin ka sa oras.”

Sukat sa narinig ay nasapo niya ang noo. Ang tinutukoy ng ina ay ang kanyang nobyong si Miguel Soriano. Paano niya makakalimutan ang tungkol doon, gayong siya ang nagyaya sa binata?

Mabilis niyang inubos ang natitirang hotcake sa platito. Pagkuwan ay natatarantang hinablot ang tuwalya at pumasok ng banyo. Mayroon lamang siyang treinta minutos upang ayusin ang sarili.

Muntik na niyang mabitiwan ang pinapahid sa labi nang mapapitlag sa pag-ring ng buzzer mula sa gate. Dinig iyon sa buong bahay nila. And she was dreading the sound of it each minute. Indikasyon kasi iyon na dumating na ang nobyo. Sinulyapan niya ang wallclock. 4:21 pm.

Napakunot-noo siya. Ang aga namang dumating ni Miguel. Minadali niyang tapusin ang pag-a-apply ng lipstick.

“Anak, si Miguel, narito na,” anang ina mula sa sala. “Akyatin mo na lang sa kuwarto niya, Migs. Baka nagme-makeup pa.”

“Salamat po, Tita,” narinig niyang magalang na sagot ng binata sa kanyang ina.

Ilang sandali lang ay may kumatok na sa kanyang pinto. “Autumn?”

“Pasok, Migs,” sagot niyang hindi lumilingon.

Narinig niya ang pagbukas ng pinto. Pagkatapos ay ang maingat na paglapat niyon.

“You’re all set.”

Nagtaka siya sa boses nito. Sa pandinig niya ay waring ang kinatatakutan nitong mangyari ay naganap na. Pumihit siya paharap dito kahit hindi pa

siya tapos sa pag-aayos. Nagsalubong ang mga kilay niya sa pagtataka nang makitang T-shirt at shorts lang ang suot nito. Obviously, pambahay lang iyon ng binata.

“Yes, I’m all set... and you’re *not*.” Pinagkrus niya ang dalawang braso sa dibdib at naghintay ng explanation nito.

Napakamot sa ulo nito si Miguel, nahihiyang tumingin nang derecho sa kanya. “I... I’m so sorry, Autumn. N-nakalimutan ko kasi... paparating ang pinsan ko galing Italy. Susunduin namin siya sa... airport ngayon. Pinaalala lang ni Mama. I came here to—”

“Cancel,” pagtatapos niya sa sinasabi nito. Lumaylay ang mga balikat niya. Pabagsak siyang naupo, nakapangalumbaba na parang paslit.

Lumuhod sa harapan niya si Miguel. “I’m so sorry, Autumn. Inagahan ko ang pagpunta dito para maagapan na naghahanda ka pa. But still I came in too late. Really, I... I don’t want to cancel this date. Pero ano’ng magagawa ko? He’s family. Hindi ko rin matatanggihan si Mama. Huwag ka sanang magalit sa akin...”

Pinagmasdan niya ang nagsusumamo nitong

mukha. Kung tutuusin, sa hitsura nilang dalawa, mas mukha itong kaawa-awa. Sinuman ay madaling panlalambutan ng puso kay Miguel. He looked so kind and innocent. Gawa siguro ng kawalan ng sharp bones sa mukha nito.

She was so *fond* of Miguel. Palibhasa ay sa iisang subdivision lang nakatira, sabay silang lumaki at schoolmates pa mula elementarya hanggang magtapos ng high school. Sa kolehiyo lamang sila nagkahiwalay dahil magkaibang kurso ang kinuha nila. Miguel took up Education, major in Math. Graduate man, pinili nitong hindi muna magturo at tulungan na lamang ang ina sa flower shop business nila. Ngunit nitong taon lamang, nagdesisyon itong kumuha ng masteral studies, na ngayon nga ay siyang pinagkakaabalahan nito.

Bagaman magkaiba ng barkadang kinabibilangan, naging magkaibigan pa rin ang dalawa. Well, sino ba ang hindi kaibigan ni Miguel? Sa bait nito ay wala yata siyang kakilala na naging kaaway nito.

First boyfriend niya ito at first girlfriend rin siya nito. Iyon ay kung magkasintahan nga silang matatawag. Sa pakiramdam niya ay status lang ang nabago sa pagitan nilang dalawa ng binata. They both entered into this relationship for a sole reason—to

make their mothers happy.

She didn't regret anything, though. At gayundin ang binata gaya ng sagot nito noong minsang tanungin niya ito. Wala siyang maiangal tungkol kay Miguel; maasikaso ito at maalaga. Gayunpaman, hindi niya maiwasang maghanap ng passion at kilig, tulad ng sa mga nababasa niyang romantikong nobela.

Matagal na siyang sumuko na mahanap iyon sa nobyo. Para kasing magkapatid lang ang turingan nila. Hindi lang nila magawang maghiwalay dahil ikadi-disappoint iyon ng mga nanay nilang thrilled na thrilled sa relasyon ng mga anak nila. Magkaibigan kasi ang dalawang ginang buhat pa noong nasa elementarya sila ni Miguel. Nagkalapit dahil madalas magkatanungan ng mga gawain ng bawat anak, bukod pa sa parehong biyuda. Miguel's father died of a heart attack when he was just thirteen.

“Napapadalas ang pag-cancel mo sa mga lakad natin,” himutok niya.

Umilap ang mga mata ng kanyang boyfriend; hindi malaman kung saan titingin. “I... I'm— busy with school stuff, alam mo naman 'yon, di ba? Hindi ganoon kadali ang mag-Masteral. K-kailangan kong magseryoso....”

Nakakaunawang tumango na lamang siya. Dinampot niya ang cellphone na nasa mesa. “It’s okay, Migs. Si Kate na lang ang yayayain ko. Pasalamat ka at day-off niya ngayon. May kahalili ka.”

Bumaha ang relief sa mukha ng kaharap. Tumayo rin ito at masaya siyang niyakap. “Thanks a lot. You’re really an understanding girlfriend.”

Ano pa nga ba? nasabi niya lang sa isip. “Wala ‘yon. Ikaw pa, hindi naman kita matitiis,” aniyang gumanti rin ng yakap na parang brotherly o sisterly hug lang.

Marahang kumalas si Miguel. Hinagkan nito ang pisngi niya at saka nagpaalam na. Sa sala ay narinig niyang nagpaalam din ito sa kanyang ina at nagpaliwanag kung bakit hindi sila matutuloy sa lakad nila.

Nang mapag-isa ay wala sa loob na naihaplos ni Autumn ang pisnging hinalikan ni Miguel. Ano kaya ang sasabihin ng nanay niya kapag nalaman nito—at ng mga kaibigan niya—na hanggang ganoon lang sila ni Miguel? God, they must be the oddest couple on earth. Para silang bumalik sa nineteenth century.

Ikinibit-balikat niya na lamang ang naisip at pinindot ang numero ng matalik na kaibigan.

“Ma, aalis na po ako,” paalam ni Autumn sa ina na kasalukuyang nagwawalis sa kanilang maliit na garden.

“Ikamusta mo na lang ako kay Kate, Anak,” anitong nagbeso sa kanya.

“Makakarating po. 'Bye!” paalam niya na pumasok na ng sasakyan. Pagkatapos ay maingat na pinaandar na ang kotse. Habang nasa biyahe at ang mga mata ay nasa daan, ang isip niya ay samantalang naglalakbay kay Miguel.

Minsanan niya lamang itong nakita nitong nakaraang mga linggo. Aminado siya, madalas ay ang pagiging abala niya sa pagsusulat ang dahilan. Subalit kapag nalilibre siya ay ito naman ang abala sa pag-aaral o kaya sa pagtulong sa flower shop ng ina—or so he said.

Not that she missed his company so much. Ngunit ano ang silbi ng pagkakaroon ng nobyo kung hindi niya ito nakakasama sa pamamasyal o kahit anong activity na puwedeng tawaging ‘date’? Magkakalahating taon na sila ni Miguel. Minsan ay napapaisip siya kung saan nga ba patungo ang kanilang relasyon.

Subconsciously, she already resigned herself on the idea of being married to him in the near future kung magiging mapilit ang mga ina nila. Labis pang ikasisiya iyon ng dalawang matanda.

Iyon lang naman ang ending ng isang long-term relationship, hindi ba? nasabi niya sa sarili. It's either break-up or marriage. At hindi na masama ang makasal sa isang tulad ni Miguel. He would make a kind and responsible husband.

Wala sa loob na napabuntong-hininga ang dalaga. Marahil ay sa nobela lang talaga nahahanap ang isang pag-ibig na nagbibigay ng kakaibang kilig.

Naputol ang daloy ng pag-iisip niya nang maramdamang unti-unting tumitigil sa pag-andar ang kanyang sasakyan... hanggang sa huminto ito nang tuluyan. Sinubukan niyang paandarin muli ngunit dagli lang nabuhay ang makina at namatay muli.

She groaned. Naisubsob ang kanyang ulo sa manibela. Tinopak na naman ang sasakyan niya. Lumabas siya ng kotse at nilinga ang paligid. Ilang kanto pa lang siyang nakakalabas mula sa subdivision nila. Makakahingi pa siya ng tulong sa sinumang kakilala niya na maaaring mag-ayos ng kanyang kotse.

Ganunpaman, late na rin siya. Tiyak na naghihintay na ang kaibigan sa coffee shop na kanilang tagpuan. Idagdag pang malapit nang magsimula ang play na kanilang panonoorin. Nanlumo siya bigla sa naisip. Bakit ngayon pa tinopak ang kotse niya?

Walang ibang pagpipilian, nagpasya siyang iwan na lang ang sasakyan at mag-taxi. Kinuha niya ang clutch bag at cellphone sa loob at nagsimulang maghintay.

Sa kasamaang-palad, madalang ang pagdaan ng taxi sa parteng kinatatayuan niya. Kung mayroon man ay may mga sakay na iyon. Nadaragdagan ang panlulumo niya bawat segundong lumilipas.

Tatawagan na sana niya ang kaibigan upang i-cancel ang usapan nang sa wakas ay isang taxi ang tumigil hindi kalayuan mula sa kanya. Napausal siya ng pasasalamat; dininig ng Diyos ang panalangin niya.

Nangangambang may makaagaw pa niyon, malalaki ang hakbang na nilapitan niya ang cab. Ngunit agad din siyang natigilan nang makita ang lumabas ng sasakyan.

The word 'handsome' would be an understatement upang ilarawan ang hitsura ng lalaki. Matangkad

ito, pangmanlalaro ng basketball ang height. Animo estatwa na nilikha ng isang Renaissance genius.

“Hi,” anito sa baritonong tinig nang mapansin na nakatitig siya rito. There was a faint foreign accent in his voice, ngunit hindi sa isang Amerikano. Kung hindi siya nagkakamali, Italian ang tunog niyon. Maging ang hitsura nito.

Napakurap siya. *For God's sake, take a hold of yourself, Autumn. He's just a guy!* sita niya sa sarili nang makahuma sa pagkamangha.

Ibinuka niya ang bibig upang gumanti sa pagbati nito, nang agawin ang kanyang atensyon ng tunog ng papalayong sasakyan.

Ang cab niya, at paalis na ito nang hindi siya sakay!

She groaned in dismay. Sinisi niya ang sarili. Kung hindi sana siya natulala sa isang guwapong nilalang na parang isang lovesick teenager, disin sana ay naagapan niya ang pag-alis ng taxi. Mukhang ika-cancel niya talaga ang lakad nila ng kaibigan.

Animo nanakawan ang anyo, sinimulan niya na ang paglalakad pauwi sa bahay nila.

“Hey, Miss!”

Napalingon siya sa pinagmulan ng baritonong tinig na iyon. Bahagya pa siyang nagulat nang makitang nakatayo pa rin ang lalaking hinangaan.

“B-bakit?” nagkakandautal niyang tanong dito. Nakalapit na ito at nasasamyong niya ang pabango nito; lalaking-lalaki ngunit hindi masakit sa ilong.

“Nakita ko ang expression sa mukha mo kanina. May problema ba?”

Waring hinaplos ang puso niya sa nahimigang concern sa tinig nito. Parang gusto niyang umiyak na parang bata. “A-ang kotse ko... sira. At ‘yong taxi na sana ay sasakyan ko... nakaalis na.”

Ngumiti nang may kalakip na simpatya ang estranghero. “Nasaan ang kotse mo? Susubukan kong ayusin.”

Itinuro niya ang sasakyan na nakatirik hindi kalayuan mula sa kanila. Nilapitan nila iyon. Akmang kukuhanin niya na sa likod ang mga tools na gagamitin nang pigilan siya ng lalaki.

“Ako na. Just take this.” May inabot ito sa kanya.

Pinagmasdan niya ang puting handkerchief na hawak, nagtatanong ang mga mata.

“You look like you’re on the verge of tears. I can’t

stand seeing girls cry,” nakangiti nitong sabi, flashing a perfect set of teeth.

Nahawa siya sa ngiti nito. Gumaan ang kanyang pakiramdam. “Salamat.” This time, mas matatag na ang tinig ni Autumn nang magsalita.

Umikot sila sa harapan ng kotse, binuksan nito ang hood. “May lakad ka ba? This may take awhile. Male-late ka,” he warned.

“Ayos lang, kanina pa ako late. A few minutes wouldn’t make any difference,” sagot niya kasabay ng pagkibit-balikat.

“Siguradong naiinip na ang boyfriend mo. Tawagan mo muna siya habang inaayos ko ito,” anitong lumingon sa kanya habang ang mga kamay ay ekspertong abala sa pag-aayos ng kung anu-anong wires.

“Best friend ko ang naghihintay sa akin sa café. She’s a girl,” pagtutuwid niya. Hindi niya matiyak kung imahinasyon niya lang ngunit nakita niyang nangislap ang mga mata nito sa sinagot niya.

“Sige na, call her,” himok nito.

Tumango siya at pinindot ang numero ni Kate.

“Sis! Nasaan ka na ba? Kanina pa ako dito. Na-

miss na natin ang simula ng play. Naaksidente ka ba? Saang ospital naroon ka ngayon?” bungad ni Kate sa kabilang linya.

Natawa siya sa pagiging O.A. ng kaibigan. Hearing her laugh, napalingon ang lalaki sa gawi niya. Ngumiti ito.

Para siyang naubusan ng hangin dulot ng ngiting iyon ng binata. “I... I’m okay, Sis. Hindi ako naaksidente... kaya wala ako sa ospital. I’m perfectly f-fine.” *But not my heart na akala mo’y wala nang bukas kung tumibok.* At iyon ay dahil lamang sa isang ngiti.

“Eh, nasaan ka ngayon? Bakit wala ka pa dito?” Nahalinhinan ng pagtataka ang pag-aalala kanina sa boses ng kaibigan.

“Nasiraan ako ng sasakyan. Pero inaayos na...” *ng isang guwapong lalaki,* ang gusto niya sanang idagdag, ngunit sa halip ang idinugtong ay, “... ngayon. The minute na maayos ito, dederecho na ako ryan. Don’t worry, ikukuwento ko sa ’yo.”

“Okay. Bilisan mo lang, ah? Tutubuan na ako ng ugat dito. Ingat sa biyahe. ’Bye. See you.”

“See you, too.” Pinindot niya na ang ‘End Call’ button.

“The minute na maayos ito?” ulit ng lalaki na dumerecho ng tayo. “So that means we can’t even have a cup of coffee after this? You owe me that, at least...”

Tiningnan niya ang naglalarong ngiti sa mga labi nito. Nagbibiro ba ang estrangherong ito? Marahil ay hindi, dahil totoo ang sinabi nitong utang niya ang ginawa nito para sa kanya.

“Maybe some other time. Naghihintay na kasi ang best friend ko,” tugon niya, nanghihingi ng paumanhin ang anyo. It was true that she regret declining his offer; she would love to have a few more hours with this guy.

Nakakaunawang ngumiti ito. “Some other time, then. But don’t forget, I’m counting on it. Puwede ko bang makuha ang number mo?”

Sandali lamang siyang nag-atubili. Hindi naman ito mukhang criminal at tinulungan pa nga siya, hindi ba?

Pagkabigay niya ng numero at pangalan ay may inabot itong calling card sa kanya.

Dwight Cipriani. So his name is Dwight... nice name.

“Feel free to call me anytime, Autumn.” Bigla ay tila gumanda sa pandinig ang pangalan niya nang sambitin iyon ng binatang nagngangalang Dwight. Isinara na nito ang hood ng sasakyan. “Subukan mong i-start.”

Tumalima siya; pumasok ng kotse at sinusi ang makina niyon. Nag-start, ngunit hindi na muling namatay tulad kanina.

Binalingan niya si Dwight na nakadungaw sa bintanang nasa panig niya. “Maraming salamat. I really appreciate your help.”

“You’re welcome. But you owe me,” paalala nitong nakangisi. Again, it took her breath away.

Tumango siya. “I... I have to go. See you around...” atubili niyang pamamaalam nang muling maalala ang naghihintay na si Kate.

Umatras na ito. “Yes, I hope so.”

Sinimulan niya nang paandarin ang kotse niya. Sinulyapan niya ang binata sa side mirror. Kumaway ito. Habang lumiliit ang repleksyon nito sa salamin, she felt an unfamiliar longing growing in her chest. Parang gusto niyang balikan ang binata.

2

Napapitlag si Autumn sa ginawang pagpitik ni Kate malapit sa kanyang mukha kasabay ng malakas na, “Sis! Are you with me?”

Tuluyan na siyang bumalik sa realidad pagkarinig sa matinis nitong tinig. “I... I’m so sorry. Ano nga ulit ‘yong sinasabi mo?’” medyo disoriented niyang tanong.

Kate blew an exasperated sigh. “Narito ako sa harapan mo at nagsusuhestiyon ng mga puwede mong isulat dahil sinabi mong may writer’s block ka. But look at what I’m getting from helping you? Pakikinig na lang, hindi mo pa magawa.”

“I’m so sorry, Sis. May bigla lang pumasok sa isip ko. But you have my *full* attention now.” Nahihiya siya sa kaibigan, since she practically dragged Kate there.

Nasa isang restaurant sila malapit sa teatrong pinagdadausan ng play na sana ay panonoorin nila. Subalit hindi na sila nakadalo dahil may strict policy ang teatro na hindi maaaring papasukin ang mga latecomers. Naghihinayang siya roon. Maaari kasing makapagbigay iyon ng inspirasyon sa isang

panibago niyang maisusulat. Sa halip, tumuloy na lang sila sa restaurant na iyon na ang intensyon ay mag-brainstorming ng ideas.

Na hindi niya magawa dahil ang isip ay lumilipad patungo sa lalaking tumulong sa kanya kanina.

“Ano ba ang iniisip mo? Another article na ba ’yan?”

Nilaru-laro niya ng tinidor ang pasta na nasa plato. “Honestly... no.” Mas makakabuting huwag na iyon ilihim kay Kate. They were best friends since high school kaya kilalang-kilala na siya nito. She could see through her. “It’s about the... guy na tumulong sa akin.”

Natigil si Kate sa tangkang pagsipsip sa straw. “Maalala ko nga, nangako kang ikukuwento mo sa akin ang nangyari. Spill it, Sis.”

Sa maiikli at malilinaw na pangungusap, ibinahagi niya sa kaibigan ang mga nangyari. Hindi na sinabi na halos natulala sa kaguwapuhan nito.

“Guwapo ba siya?” interesado nitong tanong.

Gumitaw sa isip niya ang mga detalye na bumubuo sa mukha ng estranghero, pati ang ngiti nito.

She sighed inwardly. “Very. Medyo mukhang Italian.”

Kumislap ang mga mata ni Kate sa narinig. “Gosh, Sis, go and have a date with him! Ibinigay niya ang calling card niya, di ba? I-text mo siya. Sabihin mong tatanaw ka na ng utang-na-loob.”

Nanlaki ang mga mata niya sa suhestyon ng kaibigan. “For Pete’s sake, Sis! Hindi kaya lumabas akong cheap niyan? Kababae kong tao ako ang mag-aaya ng date?”

“So? It’s the twenty-first century already—”

“And don’t forget, may boyfriend na ako,” agap niyang paalala rito.

Pagkarinig sa sariling sinabi ay may lumukob na guilt sa dibdib niya. Bumaba na ba ang pamantayang moral niya at kinalimutang may nobyo siya?

My God, I just find the guy handsome. It’s not like I’m gonna sleep with him! kontra niya sa sarili.

Pinatirik ni Kate ang mga mata. “Si Miguel? Spare me, Sis. Eh, kahit sinong may dalawang mata ay mapapansing parang magkapatid lang ang turingan n’yo sa isa’t isa. We both know na ginagawa n’yo lang iyon upang paluguran at pasayahin ang nanay n’yo.

Panahon pa ni Maria Clara nauso ‘yon! Kayo lang din ang nagtali sa mga sarili n’yo.”

Napabuntong-hininga siya. “We both love our mothers so much, Sis. Kapanatagan ng loob nila ang ibinibigay ng relasyon naming ito. Parehong takot kasi sila na baka sa maling tao kami bumagsak.”

“Pero sa tingin ko, mawawalan ng saysay ang sinasabi mong kapanatagan ng loob nila sa sandaling malaman nila na ang kanilang mga anak ay isinasakripisyo ang sariling kaligayahan para sa kanila.”

“I’m happy with Miguel,” she said with half-certainty. At nahimigan iyon ni Kate.

“Correction, Sis. You are *contented* with Miguel,” pagtutuwid nito. “Hindi ibig sabihin na kapag hindi ka pinalulungkot ng isang tao, ay pinasasaya ka na nito. It’s a different thing.”

“You know what, I think sa ating dalawa, ikaw ang dapat na maging writer,” biro niya na lang gawa ng kawalan ng maisagot. Para kasi siyang magkakaroon ng headache sa tinatakbo ng usapan. Nagugulumihanan na siya dahil sa mga salitang sinasambit ni Kate.

Nasa kotse na siya pauwi nang matanggap ni Autumn ang tawag ni Miguel.

“Hello, Migs?”

“Gusto ko sanang bumawi sa ’yo, sa hindi ko pagsama kanina.”

Kumunot ang noo niya. Ano ang nasa isip ni Miguel? “Paano?”

“Have dinner with us.”

Us? She echoed in her mind. Nagpatuloy ito. “I suggested to my mom na isama ka sa dinner namin tonight. Tayu-tayo lang—ako, ikaw, si Mama, at ang pinsan ko. Para na rin makilala mo ang pinsan ko galing Italy.”

Hindi man nito aminin, batid niyang ang ina nito ang may ideya na isama siya. Hindi niya nahimigan ang excitement sa tinig ni Miguel na makasama siya. Gayunpaman, pumayag siya.

Naroon na sa labas ng bahay nila si Miguel nang marating ni Autumn ang bahay ng mga Soriano. Bumaba siya sa harapan ng binata. Hindi muna niya pinasok sa garahe ang kotse.

“Hi!” bati niya. “Nasaan na sila?”

“Palabas na. May nakalimutan lang kuhanin ang pinsan ko sa loob.

Bago siya nakasagot ay lumabas na si Mrs. Soriano. “Autumn, Hija! Mabuti at nakapunta ka! Naku, kararating lang ng pamangkin ko mula sa Italy,” masigla nitong sabi pagkatapos nilang magbeso bilang pagbati.

“Nabanggit nga po ni Miguel,” aniyang nilingon saglit ang binata. “Sinundo n’yo daw ho sa airport.”

“Hay naku, naunahan nga kami ng batang ’yan. Kahapon pa pala nakarating dito sa Pilipinas, nakalimutang magsabi! Kaya takang-taka ako nang pumunta rito nang walang dalang maleta. Nasa hotel daw. Mamaya nga’t dadaanan namin ang mga gamit niya at nang dito na mag-stay. Gagastos pa, eh, may pamilya namang matutuluyan.”

Ngiti na lamang ang naitugon niya sa mahabang pahayag ng matanda.

“O, heto na pala ang pamangkin ko.” Halos magkapanabay silang napalingon sa hinayon ng tingin ni Mrs. Soriano.

Para siyang biglang binundol ng rumaragasang

sasakyan nang makita ang tinutukoy ng matanda. Ang lalaking tumulong sa kanyang ayusin ang kotse niya!

Nang makalapit si Dwight ay rumehistro sa mukha nito ang sorpresa. Pagkatapos ay mabilis na gumuhit ang isang ngiti sa mga labi at may kislap ang mga mata. Sa tingin at ngiti nito, malinaw na masaya itong makita siyang muli.

“Autumn, ang pamangkin ko, si Dwight Cipriani. Dwight, si Autumn Delgado, girlfriend ni Miguel,” magiliw na pagpapakilala ng biyuda sa kanilang dalawa.

“Miguel’s girlfriend?” ulit ni Dwight. Naglaho ang kislap sa mga mata nito. Nahalinhinan iyon ng pagkalito, kasabay ng pagdidikit ng mga kilay.

Tumangu-tango si Miguel bilang komfirmasyon nang balingan ito ng mga nagtatanong na mga mata ni Dwight.

Naipikit niya ang mga mata; hoping this was just a bad dream. Ngayon niya napatunayan na totoo pala na maliit lang ang mundo.

But of all people, bakit si Miguel pa ang naging ang pinsan nito? She groaned inwardly.

Napansin ni Mrs. Soriano ang kakaibang ekspresyon sa mukha niya. Lalo na ang mariin niyang pagpikit ng mga mata. “Ayos ka lang ba, Hija?” nababahala nitong untag sa kanya.

Naimulat niya ang mga mata. Una niyang nakita si Dwight; pag-aalala ang nakabalatay sa mukha nito.

Mabilis siyang bumaling sa matanda bago pa siya panlambutan ng mga tuhod. She couldn’t stand meeting Dwight’s gaze. “M-medyo masakit lang po ang ulo ko. Gawa lang po marahil ng pagod,” pagdadahilan niya.

Ang totoo, ang kirot sa kanyang bandang sentido ay gawa ng shock na nadarama. Idagdag pa ang epekto ng presensya ng binata. Her head could only take so much.

“Mas mabuti kung ipahinga mo na iyan, Hija,” suhestiyon ni Mrs. Soriano. Bumaling ito kay Miguel. “Thatid mo muna ang nobya mo, Anak. Hihintayin ka namin ni Dwight dito.”

Tumango lang ang binata at inalalayan na siya sa pagsakay sa passenger seat ng kanyang kotse. Mula sa bintana ay nginitian niya ang matanda. “Good night po, Tita... D-Dwight,” paalam niya, maingat na hindi makasalubong ang mga mata ng huli na ang titig ay

damang-dama niya.

“Sige, Hija. Uminom ka ng gamot at ipahinga mo iyan nang maigi. Good night din. Ingat sa pagda-drive, Anak,” paalala ng matanda kay Miguel.

“Yes, Ma,” anang kanyang katabi na pinaandar na ang sasakyan.

Hindi makatiis, sinulyapan niya ang side mirror. Tama nga siya ng hinala—nasa kanya nakatuon ang mga mata ni Dwight. Awtomatiko niyang ibinaling ang tingin sa daan. Malalim na napabuntong-hininga siya.